# Tatlong Tula

---

*rr kagalingan*

## MATAPOS ANG MGA MANGINGIBIG SA "LA PESTE" NI CAMUS

Patuloy ang salot, tuloy sa pagmarka.
Nagtatalâ ako nang di makalimot,
sa pook na ito, nilunggati kita.

Tahimik ang lungsod, naghahanap pala
ng handang makinig sa nawalang irog.
Patuloy ang salot, tuloy sa pagmarka.

Ang laksang lansangang kilalang-kilala
ay may babalâ na, nasulat sa bakod:
sa pook na ito, nilunggati kita.

Sa tahanang hungkag, naiwan na siyang
ayaw palampasin nilang tumututok,
patuloy ang salot, tuloy sa pagmarka.

Kama, ating kama ng karnal na pista,
Walang makatalik kundi iyong hubog,
sa pook na ito, nilunggati kita.

Nasaan ang nasang laging nasa sinta,
nasang nag-aapoy, nasang mapanupok?
Patuloy ang salot, tuloy sa pagmarka
sa pook na ito, nilunggati kita.

## MGA MAYA SA LOCKDOWN

Marunong na silang lumapit,
mga maya ng ating sandali.
Lupa nila’y saglit na lumawak,
at walang tákot sa paglundag-
hakbang habang pinagmamasdan
ang laya nilang malayò sa atin.
Humihinga táyo sa salaming hawla
at inaawit ang inaral na pagkabagot;
kinikilala ang sikip sa kawalan
sa ngayon. Mga bagong mananakop
silang nauna naman talaga sa atin,
mga hayop na malaya bago kinatha.

## DIYONABLUES

Lumabas ka sa kalye;
lumabas ka sa kalye.
wag magbakasakali.

Sarap naman ng búhay.
Sarap namang mabuhay—
magbilang ka ng patay.

Itaga mo sa bato;
ang lumuluhang bato
ay huwad na anito.